

# 1

Ang dalawang oras na drive ni Matthew Dizon mula Manila hanggang Pampanga ay naging lima. Sinubukan niyang sabihin sa sarili na ini-enjoy niya ang road trip, ang magagandang tanawin subalit hindi siya magaling sa pagkukunwari sa sarili. The truth was, the moment the decision was made to come home, he had begun questioning it. At habang papalapit na siya nang papalapit, nalilito siya sa dalawang isipin. It could be the one place that could offer him the peace he needed, or the conviction that this was the last place on earth where he could find anything resembling peace.

Ilang linggo pa lamang ang lumilipas matapos ang aksidente niya sa Afghanistan, damang-dama pa rin niya ang kaakibat na sakit ng sugat na natamo niya—physically and mentally. Pinapaniwala pa niya ang kanyang sarili na sandali lamang siyang magpapahinga bago muling sumabak sa isa na namang assignment sa kung saan mang parte ng mundo siya mapadpad. Subalit isa lamang iyong malaking kasinungalingan.

He wasn't simply taking time off from work. He was burned out, drained, empty, wrung dry. Iisa lamang ang katotohanan roon. Lahat ng pinaghirapan niya sa loob ng labinlimang taon ay unti-unting gumuguhos sa harapan niya. Ang kanyang kamera na para nang parte ng kanyang katawan ay isa nang estrangherong bagay sa mga kamay niya. Ganoon din ang apartment niya, ang

siyudad kung saan siya nakatira.

Alam na alam niya ang puno't dulo ng lahat ng iyon. *Post-traumatic stress disorder*, sabi nga ng kanyang doctor. Kaakibat niyon ang bangungot na paulit-ulit na gumigising sa kanya sa kalagitnaan ng gabi na habol ang kanyang paghinga. Dapat ay sinunod niya ang kanyang doctor na mag-take ng mga gamot at mag-undergo ng rehab subalit hindi niya ginawa.

Nang sumagi sa isip niya na magbalik sa bayang kinalakhan ay mabilis pa sa alas-kuwatrang nag-alsa-balutan siya. Kahit pa nga kilala siyang photojournalist at nagkamit ng kung anu-anong international awards, hindi iyon dahilan para iwanan niyang bigla ang kanyang propesyon. He wasn't yet ready to disclose the reason to anyone, not even to his brother Darius.

Pagkaalala sa nakatatandang kapatid ay bahagyang gumaan ang pakiramdam niya. Siguradong magugulat ito kapag nakita siyang parating. Wala pa siyang nasasabihan ng kanyang biglaang desisyon na magbalik sa dating bayan.

His first twenty-three years on earth was colorful in that town. Isang matipid na ngiti ang sumilay sa kanyang labi nang mabasa ang welcome signage ng bayan: *'Welcome to San Diego'*

Isang maliit na bayan ang San Diego sa Pampanga kung saan halos magkakakilala ang mga tao. Dito siya lumaki, nag-aral ng elementary, high school at nagtapos ng kolehiyo bago siya lumuwas ng Manila para roon hanapin ang kanyang kapalaran.

Nang lumiko siya sa pamilyar na rotonda sa bayan ay hindi napigilang maglakbay ng mga mata ni Matthew. He saw his old elementary and high school. Nagulat pa siya nang makakita ng ilang pagbabago sa lugar. Mayroon nang supermarket sa tabi ng ospital sa bayan at ang ibang antique shop na naroon ay napalitan ng ilan pang bagong tindahan subalit kung susumahin ang lahat ay pamilyar pa rin sa kanya ang lugar. Matthew felt like being transported back into time.

God, there was Erning's restaurant. Mabilis na natapakan ni Matthew ang preno at ang kanyang matipid na ngiti ay naging isang malapad na ngisi. Pareho pa rin ito ng dati. Halos walang pinagbago ang lugar. At sa harapan nito ay naka-park ang isang—

*Hell, I know that car!*

He had spent most of his last summer in San Diego with his head buried under the hood, rebuilding that car's engine and everything else in it.

*No, hindi maaaring 'yan 'yun. Volkswagen's might not be commonplace, but they weren't a rarity either, pangongonsola niya sa sarili. Subalit gaano ba karami ang mga pulang Volkswagen sa San Diego? He questioned himself.*

Pero kung ito pa rin ang parehong sasakyan na iyon, napakaimposible namang pag-aari pa rin iyon ni Niece? She must have sold it years ago. Alangan namang thirteen years na nitong gamit ang kotseng iyon?

Subalit bago pa ni Matthew mapigilan ang sarili, naihinto na niya ang sasakyan sa parking place ng restaurant. What the heck, hindi pa siya nakakain simula noong umalis siya ng Manila. Hindi naman siya inaasahan ni Darius. Walang maghihintay sakaling mapatagal siya sa Erning's.

---

“Eunice Herrera, napakasama mong babae at kung may hustisya sa mundong ito ay siguradong mapaparusan ka.” Bumuntong-hininga si Jaja Mercer. Bahagya nitong itinulak ang platitong wala nang laman sa direksyon niya na parang nagtutulak ng temptation mula sa harapan nito.

“Impiyerno ba ang kababagsakan ko para lang sa isang cheesecake?” tanong ni Eunice kasama ng pagtaas ng kilay.

“Sa tingin ko, mas mabuting ang parusa sa 'yo ay maging mataba habambuhay.” Nang tumawa si Eunice ay pinukol siya ng nang-aakusang tingin ng kaibigan. “Tatawa-tawa ka diyan, sige ka. Baka ngang biglang mangyari ang sinabi ko.”

“Hindi naman kita pinilit na kumain ng isa pang slice ng cheesecake sa pangalawang pagkakataon,” aniya.

“Hindi nga pero ikaw ang nagbigay ng temptation sa 'kin,” anito bago kinuha ang butil ng cake mula sa platito sa harapan niya at napapikit pa nang simutin iyon. “This cheesecake is pure sin.”

Napapitik pa si Eunice. “Tama! Iyon ang itatawag natin sa kanya—Caramel Sin Cheesecake. Iyon ay kung gusto mong isama siya sa menu rito sa resto.”

“Kung gusto kong isama sa menu ko?” di-makapaniwalang tanong nito sa kanya. “Sa tingin mo ba, baliw ako para hindi isama ang ginawa mo? Of course, isasama ko ’yan. Kapag may-ari ka ng restaurant, hindi masama ang manguha ng mga tao para magkasala. Good business ang tawag r’un.”

Natawang muli si Eunice. Kung pag-iisipan niyang mabuti, hindi ang ginawa niya ang tunay na makasalanan kundi ang pagkakaroon niya ng pera para lamang maglaro sa kusina nito.

Bilang graduate sa sikat na *Le Cordon Bleu* sa Paris, siguradong mas malaki ang kikitain niya sa pagtratrabaho subalit ang ibig sabihin niyon ay magtratrabaho siya sa ibang bansa o di kaya ay sa isang sikat na restaurant sa Manila. Kung saan malamang kakailanganin niyang patunayan ang sarili sa isang restaurateur at maraming kakompetisyon. Iniisip pa lamang niya iyon ay napapagod na siya. Mas nanaisin niyang mamuhay nang simple lamang. Isa pa, nang magawa niyang makabalik mula sa pag-aaral sa Paris ay saka naman nagkasakit ang kanyang Lolo Benny. Hindi niya pinagsisisihan ang mga oras na nakasama ito sa halip na i-pursue ang career niya. She loved her grandfather more.

Also, her arrangement with Jaja was satisfying if not wildly lucrative. Apat na araw sa isang linggo siya nagtutungo

sa restaurant nito para gumawa ng iba't ibang dessert na maaari nitong isama sa menu. Hindi man malaki ang kinikita niya rito ay masaya siya. Ang isa pang dahilan ng kanyang madalas na pagpunta roon ay ang di-inaasahang pagkakaibigan nila. Aside from the woman's weakness for rich desserts and Richard Gere movies, the two of them had little in common.

Jaja was in her late thirties who viewed the world with good-natured cynicism. Dalawang beses na itong naikasal at dalawang beses nang diborsyada.

Sa totoo lang, naisip ni Eunice, maganda ang buhay niya kumpara sa iba. She had friends, a nice little house, a job she loved. Ayaw niyang isipin na gahaman siya, pero may hinahangad pa siya na higit pa roon.

She wanted so much more—a family of her own. Pero dahil malabong makakuha siya ng asawa dahil ni wala siyang boyfriend, napagdesisyunan niyang magkaanak muna. Hindi pa lang siya sigurado kung paano makuha ang mga iyon. It was one thing to make up her mind to have a baby, something else altogether to figure out how to do it when there wasn't a man in the picture.

“Hayan ang lalaking babago sa desisyon kong maging single habambuhay.”

Ang mahinang bulong ni Jaja ang bahagyang nagpalaki sa mga mata ni Eunice. Nabasa ba ng babae ang iniisip niya? Nang mag-angat siya ng mata at tingnan ang babae ay nakatingin ito

lampas sa kanya sa pintuan. Out of curiosity, simpleng nilingon niya ang lalaking kapapasok lang ng restaurant.

He was an inch or two over six feet and had that sort of long rangy body that made clothes look good and women sigh. Nakasuot ito ng maong na halos puti na sa pagkakupas at gray t-shirt na humahakab sa katawan nito. Thick, nearly black hair fell into a careless wave on his forehead and brushed his collar in the back. Hindi makita ni Eunice ang kulay ng mga mata nito subalit nakasisiguro siyang isa iyong kakaibang shade ng brown na tiyak mapapansin ng maraming tao.

“Tall, dark and handsome. Para siyang naglalakad na larawan,” Jaja sighed happily. “Nakasisiguro akong wala nang ibang lalaki na makakapagdala ng ganyan kasimpleng damit and still look hot at the same time. Ang balikat niya—”

“Matthew.” Eunice’s soft exclamation cut Jaja’s appreciative monologue. Mabilis na bumaba siya ng stool. “Matthew!”

Nang marinig ang pagtawag sa pangalan niya ay hindi napigilan ni Matthew ang reaksyon ng katawan. He froze and his shoulders tensed in a quick defensive reaction. Sa ibang lugar na napuntahan niya, ang simpleng pagtawag sa mga pangalan at pagsigaw ay may ibang ibig sabihin. Through his camera’s lens, he had witnessed a sacred ritual turned into a bloody coup in a matter of seconds. Sa mga ganoong pagkakataon ay naramdaman ni Matthew kung gaano siya kalapit sa peligro. Subalit iba ang sitwasyon ngayon. He wasn’t in a freaking battlefield and taking

shots of bloody scenes. Nasa isang restaurant siya sa kanyang bayan.

“Matt.”

Itinuon niya ang atensyon sa babaeng tumatakbo patungo sa kanya. Lalong nanlaki ang kanyang mga mata.

Kahit pa nga paulit-ulit niyang sinasabi sa sarili na hindi kay Eunice ang pulang *Volkswagen* sa labas ng restaurant, may isa pa ring parte ng isip niya ang umaasa. Subalit hindi niya inaasahan ang babaeng sumasalubong sa kanya. Ito pa rin ang parehong Eunice—kulot at toffee-colored na buhok at malalaking kulay brown na mga mata, mahahaba at mahuhubog na hita at mainit na ngiti. Lahat ng katangiang iyon ang nakita niya subalit ibang-iba na ang pagkakaayos nito. There were curves he didn't remember—some very distracting curves. And the legs...

She was wearing a flirty pink skirt that stopped at mid-thigh, exposing long, tanned legs. Looking at them, Matthew felt a punch of something that might have been, but couldn't possibly be, pure male appreciation.

“Matthew, ikaw nga. Kumusta ka na?” Oblivious sa kanyang reaksyon, iniikot nito ang braso sa kanyang baywang... and he found his arms full of warm, female curves.

*Eunice*, mahigpit na paalala niya sa sarili. Little Niece Herrera, ang batang palaging bubuntut-buntot sa kanila ng kaibigang si Daniel. Kahit pa nga may maganda itong hubog



ng katawan, wala siya sa lugar para isipin iyon. Subalit medyo mahirap gawin iyon lalo na at nakayakap pa ang babae sa kanya.

“Kailan ka pa nakarating ng San Diego?” Lumayo pa ito nang bahagya sa kanya para tingnan siya sa mukha nang malapitan.

“Kakarating ko lang.” Nakalagay ang kanyang mga kamay sa balikat ng babae. Tahimik niyang pinag-aralan ang mukha nito. Pilit niyang ina-adjust ang isip. Hindi niya alam kung bakit naisip niyang ito pa rin ang dating patpating batang babae na kalaro nila noon. Hindi sa hindi pa niya ito nakikita sa loob ng labinlimang taon; naroon siya five years ago nang ikasal ang matalik na kaibigang si Daniel. Nagkita sila nito subalit hindi gaanong nagpalitan ng mga salita. Alam niyang malaki na ito at dalaga na. But the image that always stayed in his mind was the little Niece, all legs and big brown eyes. Hindi pa lang niya talaga na-u-update ang mental image nito sa kanyang utak na isa na itong kaakit-akit na babae na nasa kanyang mga bisig ngayon.

“Ayos ka lang ba, Matt?” nag-aalalang tanong ng babae sa kanya. “Ang sabi ni Darius, naaksidente ka raw sa Afghanistan. Ang sabi pa niya, kinailangan kang i-confine sa ospital ng isang buwan dahil nabaril ka. Bakit hindi ka sinundo ni Darius? Alam ba niyang darating ka ngayon? Baka nakalimutan niya. Hay, naku! Talaga iyong kuya mo na iyon, makakalimutin na.”

Habang nakalagay ang mga kamay niya sa baywang ni Eunice ay hindi niya mapigilan ang sariling pagmasdan ang walang tigil sa pagsasalitang babae. Here was the sense of

homecoming that had been missing until now. Maaaring sandaling naging estranghero sa kanya ang babae subalit nang magsimula itong magsalita ay nabura ang perception na iyon. Ito ang Eunice na kilala niya. Mouth moving a mile a minute. Hindi na niya napigilan ang pagngiti. Kasunod niyon ay ang maingay at malutong na tawa niya.

Natigilan ito sa walang tigil na pagtatanong. Nakadama ito ng kagaanan ng loob. “Was I babbling?” tanong nito.

“Olympic quality,” matapat na sagot ni Matt subalit nanatiling nakangiti ang mga mata.

“Nagulat lang talaga ako na makita ka.” Napatingin ito sa sariling kamay na nakalagay sa tapat ng dibdib niya. Dama niya ang init ng balat nito sa kabila ng t-shirt na suot niya. “Yung totoo, ayos ka lang ba talaga, Matthew? Yung aksidente...”

“Aayos lang talaga ako.” Sinabayan niya ng ngiti ang sagot. Naiilang na nag-iwas siya ng tingin. Hindi niya gustong pag-usapan nila ang tungkol sa madilim na aksidenteng iyon. Nang humakbang siya paiwas dito ay nagulat pa siya nang makadama ng pagka-miss sa pagkakalapit ng kanilang mga katawan. “It was just a one-bullet wound. I’m practically good as new now,” pagsisinungaling niya rito.

Hindi kumbinsido si Eunice subalit hindi na ito namilit. Matt was grateful for that. Luminga-linga sa paligid ang binata at napansin ang ibang maliliit na pagbabago sa loob ng restaurant

simula noong huli siyang magpunta roon.

“Ibinenta ni Mang Erning ang lugar na ito limang taon na ang nakakalipas,” puna ni Eunice habang sinusundan ang obserbasyon ng kaibigan sa lugar. “Pumunta siya ng Zambales at balita namin ay naging ermitanyo.”

“Hindi ko maisip na may iba pang babagay sa trabaho niya rito,” he commented. Naaalala pa niya ang sobrang sungit na matandang may-ari ng restaurant at kung paano ito naiinis sa tuwing may o-order ng pagkain. “Hindi kasi siya gan’un kagaling sa tao.”

Natawa si Eunice. “Ang sabi nga ni Lolo Benny, kakaiba talaga magalit si Mang Erning.”

Biglang napalis ang ngiti sa labi ni Matt. “I’m sorry sa pagkamatay ni Lolo Benny, Niece. Pasensya na kung hindi ako umabot sa libing niya.” Mahigpit at mainit ang kamay nitong hinawakan ang kamay ng kababata. “Nang makabalik ako sa assignment ko ay tapos na ang lahat.”

“Ayos lang iyon,” pilit ang ngiting ani Niece sa pagbalik ng alaala ng namayapang abuelo. “Nakuha ko naman ’yung card na pinadala mo at alam mo naman si Lolo, ayaw n’un ng mga selebrasyon kahit pa nga libing niya.”

“No, but I wish I’d been there for you.”

The quiet words made her eyes sting. Palagi talaga niyang

maaasahan si Matthew. Hindi nito nakakalimutan ang mga pangako nito. Madalas pa ngang sinasalo nito ang mga pangako ni Daniel sa kanya na nalimutan ng huli. Kasama na roon ay ang pagtuturo sa kanya na mag-drive.

“Nakita mo ba si Loti?” pag-iiba niya ng paksa na ang tinutukoy ay ang kotse niya. “Kakapa-wax ko pa lang sa kanya last week.”

“I saw her. Kaya nga ako napahinto rito.” Napapailing si Matthew. “I can’t believe you’re still driving that thing.”

“That thing?” She sniffed and tilted her nose in the air. “Yung sinasabi mong ‘that thing’ ay isang vintage na 1972 *Volkswagen*. Ni-revive pa ito ng kilalang *Dizon Restorations*. It’s a one-of-a-kind job handled by Dizon himself.”

“Sinabi mo pa,” mayabang na pahayag ni Matthew rito. “Nang matapos kong ayusin ang makina, halos tiklap na ang lahat ng balat ko sa kamay. Puwede na akong ilaban sa *Ripley’s Believe It or Not*.”

“Well, magaling ang pagkakagawa mo sa kanya dahil umaandar pa rin siya hanggang ngayon.” Looking at Matthew, she was suddenly aware of how good it was to see him again. Naging napakahalagang parte ito ng buhay niya. One of the best parts, naisip pa niya. Inakay niya ito palapit kay Jaja.

“Dito ka na kumain. May ipapakilala rin pala ako sa ‘yo,” aya niya na bahagyang pinalis ang luha ng kaligayahan na biglang

naglandas mula sa kanyang isang mata.

Sumang-ayon si Matthew at nagpaakay rito patungo sa babaeng nasa kabilang counter. Sinubukan niyang huwag pansinin na ang isa nitong dibdib ay bahagyang tumatama sa braso niya. It seemed vaguely sinful to think of Eunice and breasts in the same sentence.

*It had to be the stress*, he thought. Maraming gabi na kaunti ang tulog niya kung kaya kung anu-ano na ang tumatakbo sa utak niya. That was the only possible excuse for even noticing that Eunice had breasts now.